




COVID-19 NOVEL CORONAVIRUS


Tulongang pigilan ang pagkalat ng COVID-19

Ang COVID-19 ay isang virus na dahilan para magkasakit ang mga tao. Ang mga sintomas ay mula sa hindi malubha (halimbawa: lagnat, ubo, tumutulong sipon at pananakit ng lalamunan) hanggang sa malubha (halimbawa: kapos na paghinga at mga kahirapan sa paghinga).

Protektahan ang iyong sarili at ang ibang tao





Madalas na hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig nang hindi bababa sa 15 segundo.



Iwasan ang mga pagbati na tulad ng pakikipagkamay at pagyakap.

Magtakip kapag umuubo o bumabahin. Umubo sa iyong manggas o siko, huwag sa iyong kamay.



Magsuot ng mask kapag ikaw ay nasa loob sa isang pampublikong lugar, o kapag mahirap gawin ang pisikal na pagdistansiya.

Manatili sa bahay kung may sakit, kahit na hindi ito masyadong malubha. Magpa-test at bumukod sa ibang tao sa iyong sambayanan.



Huwag hawakan ang iyong mga mata, ilong at bibig.



Dumistansiya sa mga tao nang hindi bababa sa 2 metro (6 na talampakan).



Huwag magbahagi ng mga gamit.